# Salin-dilang Pamana: Mga Pagpapahalaga at Kulturang Mamamalas sa Piling Kuwentong-Bayan sa Isla ng Olango

Arnel T. Noval
*Cebu Technological University-Main Campus*

Floran A. Taneo
Gwendolyn Inoc
Abedigo A. Gaylan
*Lapu-Lapu City College*

## Abstrak

Nilalayon ng pag-aaral na maisalin at masuri ang kultura at pagpapahalaga ng piling kuwentong-bayang nakalap upang makabuo ng isang antolohiya ng mga lokal na kuwentong-bayan sa Isla ng Olango. Deskriptibong pananaliksik ang ginamit sa pag-aaral na isinagawa sa pamamagitan ng pakikipanayam upang makalikom ng mga kinakailangang datos. Matapos ang ginawang pagsusuri, natuklasan na ang pagpapahalagang nakapaloob sa mga ito ay pagmamahal sa kaibigan at sa kalikasan, pananampalataya sa Maykapal, pagiging masunurin, at pagtutulungan.  Lutang na lutang naman sa sampung akda ang kulturang may temang matatag na paniniwala sa kanilang mahal na Patron, katapangan sa pagsuong sa anomang hamon ng buhay, paniniwala hinggil sa mga nilalang na hindi nakikita at mga masasamang espiritu, pagiging matulungin sa kapwa, matibay na paniniwala sa mahal na Patron bilang tagapagtanggol, tagapagpanatili ng kaayusan at tagapaglunas ng mga karamdaman, pagkahilig sa pag-inom ng tuba, pagprosisyon sa mahal na Patron sa dagat, at pagiging palakaibigan ng mga taga-Olango. Batay sa natuklasan, naisakongklusyon na ang mga kuwentong-bayan sa Isla ng Olango ay hitik sa pagpapahalaga at natatanging kulturang Cebuano. Ang mga kuwentong-bayan ay nararapat maidokumento at maisalin upang makabuo ng isang materyal na magagamit sa pagtuturo ng panitikang lokal sa pamamaraang lokalisado at kontekstuwalisado.

**Mga susing salita:** salin-dila, pamana, kuwentong-bayan, pagpapahalaga, kultura, Olango

## Panimula

Ang Pilipinas ay mayaman sa iba't ibang anyo at genre ng panitikan na naglalarawan sa kalinangan ng mga Pilipino kabilang na ang mga kuwentong-bayan. Ang kuwentong-bayan ay nagsasalaysay sa mga paniniwala, kaugalian, at kultura ng tao na bumubuo sa larawan ng pagkakakilanlan ng isang lipunan. Malaki ang ginagampanan ng mga kuwentong-bayan sa lipunan bilang isa sa mga anyo ng panitikan na sumasalamin sa kasaysayan at kultura ng mga Pilipino. Nagpapatunay lamang ito na ang kuwentong-bayan ay may mahalagang papel sa paghubog sa katauhan ng isang lahi at ng kanyang kinabibilangang lipunan.

Ang kuwentong-bayan ay tumatayong pangmalawakang kultura ng lipunan. Nakatutulong ito sa paghubog at paglinang ng isang pamayanan dahil ito ay makabuluhan, makapangyarihan, at mabungang plataporma sa pagtuturo ng mga dalumat, danas, at dunong ng natatanging kultura ng isang lipunan (Galdo, 2021). Tinalakay naman ni Prop. Felipe P. de Leon Jr. na habang nagpasalin-salin sa maraming henerasyon, ang mga kuwentong-bayan ay humuhubog sa pagkatao at tumutulong sa pagbibigay ng pag-asa tungo sa makabuluhang buhay. Nakapaloob sa mga kuwentong-bayan ang mga bukod-tanging katangian tulad ng pagmamalasakit, pagkamalikhain, pagtitiwala, at pagiging matapang gaya ng kuwento ni Bernardo Carpio (halaw kay Jadloc, 2017). Sa kabilang banda, binanggit ni Du (2014) na ang pag-aaral sa pokloriko ng isang lugar ay masasabing pag-aaral sa pamumuhay ng mga tao sa kanilang lipunan. Bukod pa rito, ang pokloriko bilang isang panitikan, pasulat man o pasalita, ay nagpapakilala rin sa mga taong kabilang sa nasabing pangkat at nagbibigay ng pagkakakilanlan sa isang lugar.

Naisasalaysay ang mga kuwentong-bayan gamit ang iba't ibang wika. Kadalasan pa nga sa mga ito ay nagpasalin-dila. Limitado lamang ang mga akdang nakalimbag lalo na ang mga lokal na panitikan sa bansa ng mga kuwentong-bayan. Sa artikulo ni Gray (2015), tinalakay na ang poklor ng Australian Aborigines ay maaaring mapagkunan ng pinakamatanda at pinakatiyak na kasaysayang saling-dila. Binanggit naman ni Aler (2020) na ang halaga ng mga kuwentong-bayan ay isang gahum na magsisilbing gamot sa nanganganib na pagkawala at pagkalimot ng mga tao sa kanilang lokal na tradisyon at pagkakakilanlan dahil sa globalisasyon at mabilis na pag-unlad ng teknolohiya. Idinagdag pa niya na ito ay mahalagang sangkap upang mabuo ang konsepto ng bayan.

Sa makabagong panahon, umusbong ang mga kulturang popular na kinahuhumalingan ng mga kabataan. Naobserbahan ng mga mananaliksik

ang pagbaba ng interes at hindi pagtangkilik sa mga kuwentong-bayan ng mga kabataan higit lalo sa isla ng Olango na bahagi ng Lungsod ng Lapu-Lapu sa rehiyon ng Gitnang Kabisayaan. Ang pagbaba ng interes at hindi pagtangkilik sa mga kuwentong-bayan sa isla ng Olango ang siyang nagtulak sa mga mananaliksik upang isagawa ang pag-aaral na naglalayong makalap at masuri ang mga natatanging kwentong-bayan sa isla ng Olango upang makabuo ng isang antolohiya. Naniniwala ang mga mananaliksik na makatutulong ang pag-aaral na ito sa mga kaguruan, mga estudyante, at mga kabataan sa isla upang higit nilang tangkilikin at linangin ang kanilang lokal na panitikan. Makatutulong din ito sa mga taong may adbokasiya sa pagpapaunlad at pagtatampok sa mga natatanging panitikan ng bayan na nagreresulta sa pagpapanatili sa kultura at pagkakakilanlan.

Nilayon ng pag-aaral na makalap at masuri ang piling kuwentong-bayan sa Isla ng Olango bilang gabay sa pagbuo ng antolohiya. Tinitiyak din nito na mahimay ang pagpapahalagang matatagpuan sa mga kuwentong-bayan at kulturang Cebuanong mamamalas sa mga akdang sinuri. Nakatuon din ang pag-aaral sa pangangalap at pagsusuri sa piling kuwentong-bayan sa Barangay Caw-oy, San Vicente, Tingo, at Tungasan na sakop ng isla ng Olango, Lungsod ng Lapu-Lapu. Matapos ang pangangalap, isinalin ang mga kuwentong-bayan sa wikang Filipino at sinuri ang mga pagpapahalaga at kulturang lutang sa mga ito. Ang magiging awtput ng pag-aaral ay isang antolohiya ng mga isinaling kwentong-bayan na kinalolooban ng lokal na panitikang sumasalamin sa paniniwala, kaugalian, at kultura ng mga taong naninirahan sa Isla ng Olango, Lungsod ng Lapu-Lapu.

Ang isinagawang pag-aaral ay kapaki-pakinabang sa pagpreserba ng mga pasalitang panitikan at pagpapalago ng mga naisasantabing mga panitikang lokal kagaya ng kuwentong-bayan ng isla ng Olango. Mahalaga rin ang pag-aaral na ito sa mga estudyante, pamunuan ng paaralan, mga guro, sa Departamento ng Edukasyon, mga taong nakatira sa isla, at mga mananaliksik sa hinaharap dahil ang awtput na mabubuo ng pag-aaral ay isang antolohiya na nagtatampok sa mga kaugalian, paniniwala, at kultura ng isla ng Olango. Sa pamamagitan din ng antolohiya ng mga isinaling kwentong-bayan, magiging lunsaran ito sa pagtuturo ng panitikang lokal at magiging karagdagang materyal o babasahin sa MTB-MLE na naaayon sa layunin ng lokalisado at kontekstuwalisadong pamamaraan sa pagtuturo alinsunod sa K-12 Kurikulum.

## Layunin ng Pag-aaral

Nilayon ng pag-aaral na makalap at masuri ang piling kuwentong-

bayan sa Isla ng Olango bilang gabay sa pagbuo ng antolohiya na magsisilbing karagdagang materyal sa pagtuturo ng panitikang rehiyonal. Tinitiyak din nito na mahimay ang pagpapahalagang lutang sa mga kuwentong-bayan at kulturang Cebuanong mamamalas sa mga akdang sinuri.

## Disenyo at Pamamaraan ng Pananaliksik

Ginamit sa pag-aaral ang deskriptibong pananaliksik upang makalap ang mga kuwentong-bayan sa isla ng Olango na sinuri at isinalin sa wikang Filipino. Ang deskriptibong pananaliksik ay naglalayon ng akma at sistematikong paglalarawan ng isang populasyon, mga kaugalian, kultura, at mga pangyayari o kasaysayan sa isang tiyak na lugar na naaayon sa pagsasakatuparan ng mga layunin sa pag-aaral na ito.

Sa pagpili ng mga kalahok, ang mga mananaliksik ay gumamit ng purposive sampling. Kaugnay nito, pinili ang mga kalahok ayon sa mga sumusunod na krayterya: (1) permanenteng naninirahan sa Isla, (2) may edad 50 pataas, at (3) may malalim na kaalaman sa mga kuwentong-bayang umiiral sa kanilang barangay. Boluntaryo silang nakilahok sa pag-aaral at tiniyak ng mga mananaliksik na mananatiling lihim ang kanilang pagkakakilanlan. Gagamitin lamang ang mga datos na nalikom ayon sa layunin ng pag-aaral.

Dalawampu't limang kalahok (25) ang napili sa pag-aaral na ito. Sampung (10) kalahok ang mula sa Barangay Tingo at tiglilimang (5) kalahok naman sa Barangay Caw-oy, Tungasan at San Vicente. Ang Barangay Tingo ang may maraming bilang ng mga kalahok dahil maraming umuusbong na mga pasalin-dilang akda sa kanilang lugar habang sa Barangay Caw-oy, Tungasan, at San Vicente naman ay tiglilimang kalahok lamang dahil ang mga kuwento nila ay kadalasang magkakatulad. Binanggit nina Creswell at Creswell (2018) na tinatantya ng ilang mananaliksik sa pagitan ng 10 at 50 na kalahok bilang sapat depende sa uri at tanong sa pananaliksik. Pinagtitibay lamang ng pahayag na ito na sapat ang mga kalahok na napili at sinangguni ng mga mananaliksik. Bilang pagtitiyak na makuha ang angkop na mga datos, mabusising sinunod ang mga krayterya sa pagpili ng mga kalahok ng pag-aaral.

Mahabang panahon ang iginugol ng mga mananaliksik upang makalap ang mga impormasyon gaya ng paglikom ng mga mapagkakatiwalaang sanggunian sa internet, research journals, websites at iba pa na may kaugnayan sa pag-aaral upang mas mapagtibay ang pag-aaral. Tiniyak ng mga mananaliksik na sapat at may kaugnayan ang mga sangguniang nilikom at binigyang-tuon ang pagsasalin at pagsusuri sa mga

pagpapahalaga at kultura sa piling kuwentong-bayan.

Sampung kuwentong-bayan ang nalikom ng mga mananaliksik mula sa mga piling barangay na sakop ng Isla ng Olango. Ang mga kuwentong-bayang ito ay mayroong iba't ibang bersyon ayon sa mga salaysay ngunit ang mga nalikom ay ang pinakapamilyar na bersyon ayon na rin sa binanggit ng mga kalahok. Nalikom ang mga kuwentong-bayan mula sa salaysay o pagkukwento ng mga kalahok sa Barangay Tingo, Tungasan, Caw-oy, at San Vicente.

Sa paglikom ng mga datos, humingi ang mga mananaliksik ng pahintulot sa Barangay Kapitan ng mga piling barangay sa isla ng Olango. Nagpatulong din ang mga mananaliksik na tukuyin ang mga matatanda sa kanilang lugar na may sapat na kaalaman sa mga kuwentong-bayan sa kanilang lugar. Bilang karagdagan, humingi rin ng pahintulot ang mga mananaliksik sa mga kalahok at ipinaliwanag ang mga layunin sa pagsasagawa ng pag-aaral.

Ang mga nalikom na mga akda ay isinalin sa wikang Filipino. Ang tagasalin ng mga kuwentong-bayan ay mga mag-aaral na kumukuha ng kursong Bachelor of Secondary Education major in Filipino at pawang nakatira sa Isla ng Olango. Ang ginawang pagsasalin ay ibinatay sa teorya ng pagsasalin ni Newmark (1988) na kinakailangang magtaglay ang tagasalin ng sapat na kaalaman at pag-unawa sa kultura kaugnay sa wikang kanyang ginagamit upang magkaroon ang teksto ng isang matatag na pundasyon kapag isinalin sa target na wika. Sa pagsasakatuparan nito, ang mga teksto na kanyang isinalin ay magkakaroon ng lokal na panlasa na tumutugma sa kultura ng mambabasa. Matapos ang panimulang pagsasalin, isinangguni ito ng mga mananaliksik sa kanilang tagapayo, na may doktorado sa Filipino, upang matiyak ang kawastuhan ng pagkakasalin. Ipinabalideyt ang saling kuwentong-bayan sa tatlong balideytor na kapuwa mga guro sa kolehiyo na may masterado at doktorado sa larangan upang higit na matiyak ang kaangkupan ng salin sa orihinal na teksto. Matapos na masunod ang suhestiyon ng mga balideytor, muling binalikan ng mga mananaliksik ang mga kalahok upang ipabasa ang nabuong saling kuwentong-bayan upang makuha ang kanilang mga suhestiyon at matiyak na walang naidagdag o nabawas mula sa kanilang mga naisalaysay o naikuwento.

Binigyang-tuon ang pagsusuri sa mga pagpapahalaga at kulturang mamamalas sa piling kuwentong-bayang: (1) Sto. Niño de Kaplag, (2) Si Hermosa at Kanyang kaibigang Duwende, (3) Ang Kuwento ni Sta. Filomena, (4) Alamat ng Bantique,(5) Ang Pandan, (6) Misteryosong Tambuli, (7) Snr. Santiago Apostol, (8) Aswang, (9) Ang Bangaw, at (10) Baliw-baliw Festival. Ang mga naging kinalabasan ng ginawang pag-aaral ang naging batayan ng

mga mananaliksik sa pagbuo ng antolohiyang kinapapalooban ng mga kuwentong-bayan sa isla ng Olango.

## Resulta at Diskusyon

Inilalahad sa bahaging ito ang pagsusuri sa mga kuwentong-bayan ayon sa pagpapahalaga at mga kulturang mamamalas sa kwentong-bayan sa Isla ng Olango.

### Mga Pagpapahalagang Nakapaloob sa mga Kuwentong-Bayan

Inilalahad sa Talahanayan 1 ang pagsusuri sa mga pagpapahalagang nakapaloob sa mga kuwentong-bayan sa isla ng Olango. Mahalaga ang pagsusuri sa bahaging ito upang maipakita at mailarawan ang mga pagpapahalagang taglay ng mga nakatatanda at mapamarisan ito sa kasalukuyang panahon. Sa pamamagitan nito, maipagpapatuloy ang pagpapalaganap sa mga pagpapahalagang isinasalamin ng bawat akda.

### ANG KWENTO NI STA. FILOMENA.

Namamayani sa kuwentong-bayan na ito ang pagpapahalagang pagbabayanihan. Makikita ang pagpapahalagang nabanggit sa sipi na nasa ibaba:

> "Nagtinabangay ang mga taw sa Barangay Tingo sa pagpangita sa imahe apan ang kapa ra ang ilahang nakit-an kilid sa iyahang simbahan."

Namamayani sa siping ito ang pagtutulungan at pagkakaisa ng mga taong nakatira sa Barangay Tingo upang mapagtagumpayan ang dagok sa buhay na kanilang nararanasan. Malinaw na makikita sa sipi ang iisang puso, damdamin at mithiin sa paghahanap sa nawawalang imahe ng kanilang mahal na Patron. Kapit-bisig na nagtutulungan ang bawat mamamayan sa paghahanap. Binanggit ni Bankoff (n.d.) na ang pagtulong o ang pagkakaisa ay isang mahalagang dimensyon ng kulturang Pilipino. Sa pamamagitan ng bayanihan, naipakikita ang pagkakaisa ng komunidad na isang paraan upang magarantiya ang suporta lalong-lalo na sa panahon ng kalamidad. Sa kasalukuyan, napakahalaga ng pagtutulungan para sa mga taga-Olango na mamamalas sa panahon ng sakuna. Binanggit nga ng Department of Social Welfare and Development (2021) na ipinamalas ng mga Cebuano ang *pagtinabangay* o bayanihan pagkatapos ng pananalasa ng Bagyong Odette sa

**Talahanayan 1**
*Mga pagpapahalagang nakapaloob sa mga kuwentong-bayan*

| Mga Kuwentong-Bayan | Pagpapahalaga | Sipi mula sa Kwentong-Bayan |
|---|---|---|
| Ang Kwento ni Sta. Filomena | Pagbabayanihan | "Nagtinabangay ang mga taw sa Barangay Tingo sa pagpangita sa imahe apan ang kapa ra ang ilahang nakit-an kilid sa iyahang simbahan." |
| Alamat ng Bantique | Pagpapahalaga sa kalikasan | "Ang mga kahoy nga ilang gipamutol maoy nagsilbing manluluwas sa inyong sityo." |
| Ang Pandan | Paggalang sa mga nilalang na hindi nakikita | "Gaplano ang magtiayon nga tukuran nila og balay ang luna apan ning supak ang ubang taw sa ilahang plano kay ang maong luna kay sagradong dapit sa mga engkanto." |
| Ang Misteryosong Tambuli | Pagiging matulungin | "Bisan sa ilang kawad-on, matinabangon gayud sina Noy Lito ug Nay Perling. Kutob sa naay mangayo og tabang nila, dili gayod kini mubalibad bisag ang puhonan nga kuwarta sa ilahang negosyo ang makuhaan." |
| Sñr. Santiago Apostol | Matibay na pananalig | "Gisadya ug ginasaulog si Sñr. Santiago Apostol sa mga katawhan dinhi sa Tungasan tungod sa iyahang maayong buhat sa pagpakabana sa iyang mga katawhan." |
| Ang Aswang | Pagiging tapat sa pangako bilang bahagi ng garbo (pride) ng pagiging Cebuano | "Matod pa ni Tonyo " Pre, ikaw diay na? tinuod gayud diay ang sulti-sulti sa mga tao nga ikaw ang maong mangtas sa atoang sitio." " O, Pre Tonyo ako, busa ayaw baya pagsaba-saba pre ha sekreto ra ni nato ug salig ko nimo" matod pa ni Berto " O pre makasalig ka" tubag ni Tonyo." |
| Ang Bangaw | Pagsunod sa payo | "Gituman sa maong lalaki ang gipangsulti ni Mang Nicolas ug gidali-dali niya og balik sa dagat ang maong kahoy nga dagsa." |
| Baliw-Baliw Festival | Pagpapahalaga sa Poon at pagkakaroon ng positibong pananaw sa buhay. | "Pagsaulog namo sa maong basahon inubanan sa pagprosisyon nahunong na ang maong mga balatian, og dili saulugon ang "Sakay-sakay" o mas naila sa pagprosisyon sa mga santos sa dagat mubalik ang maong mga sakit." |
| Sñr. Sto. Niño de Kaplag | Matatag na paniniwala sa Sñr. Sto. Niño de Kaplag | "Kada kaligo sa maong balaang bata musayaw kini uban sa musika gikan sa tambol. Ang ubang mga tawo wala gayud mutuo niini apan wala kini makapugong sa among pagtuo kay kami man mismo ang nakasaksi." |
| Si Hermosa at kanyang Kaibigang Duwende | Pagmamahal sa kaibigan | "Sa pagkamatay sa ginikanan ni Hermosa, kasakit ug kasubo ang iyahang na sinati apan wala jud mubiya ang iyahang higala. Giatiman siya og tarong niini." |

pamamagitan ng pagpapa-abot ng tulong sa kapwa. Ang mga taga-Olango ay nagkaisa at nagtulong-tulong sa pag-aayos ng mga pinsala at paglinis ng mga tahanan at maging sa pag-aabot ng tulong sa mga pamilyang higit na napinsala ng bagyo.

## ALAMAT NG BANTIQUE

Malinaw na ipinapahayag sa kuwentong-bayan ang pagpapahalaga sa kalikasan. Pansinin ang sipi na nasa ibaba upang mapatunayan ang pagpapahalagang nabanggit:

> "Ang mga kahoy nga ilang gipamutol maoy nagsilbing manluluwas sa inyong sityo."

Ipinalulutang sa siping ito na mahalaga ang kalikasan lalong-lalo na ang mga punong-kahoy dahil nagsisilbing tagapagprotekta ito sa mga tao sa panahon ng kalamidad lalong-lalo na sa pagbaha at pagguho ng lupa. Ang pagpapahalagang nangingibabaw sa akda ang siyang paalala sa lahat na dapat pahalagahan ang mga punong-kahoy nang sa gayon maiwasan ang pagkasira ng kalikasan at maagapan ang mga malalakas na sakuna. Ang kalikasan ay karugtong ng buhay ng mga tao na dapat alagaan at pagyamanin. Binanggit sa artikulo ni Letigio (2019) na si Mayor Edgardo Labella ay nag-organisa ng pagtatanim ng tatlong milyong punla ng punong-kahoy sa kasalukuyan. Pinamumunuan niya ang daan-daang mga boluntaryo sa pagtatanim. Sa kabilang banda, ang mga mamamayan at mga opisyales ng barangay sa isla ng Olango ay gumawa at nagpatupad ng mga polisiya at alituntunin na nagbibigay ng tamang pamamahala at pangangalaga ng kalikasan gaya ng pagtatanim ng mga bakhawan o mangrove bilang tanda ng kanilang pagpapahalaga sa kanilang pinagmumulang pamumuhay (Bueno, n.d.). Ang mga hakbang na ito ay nagpapamalas na ang mga taga-Olango ay may pagpapahalaga sa kalikasan hanggang sa kasalukuyan.

## ANG PANDAN

Mamamalas sa kuwentong-bayang ito ang pagpapahalagang paggalang sa mga nilalang na hindi nakikita. Pansinin ang siping ito:

> "Gaplano ang magtiayon nga tukuran nila og balay ang luna apan ning supak ang ubang taw sa ilahang plano kay ang maong luna kay sagradong dapit sa mga engkanto."

Mahihinuha sa sipi na isa sa mga pagpapahalaga ng mga taga-Olango ang paggalang sa kalikasan. Base sa mga naisalaysay sa kuwentong-bayang Ang Pandan na ang sagradong lugar na pag-aari ng mga makapangyarihang nilalang ay tinatatawag na di ingun natu o mas kilala sa tawag na engkanto.

Ang sinomang magtatangkang sirain o gambalain ang kanilang tahanan ay agad nilang parurusahan katulad ng nangyari sa tauhan ng kwento na ang mag-asawa ay bigla na lamang nawala ng parang bula na walang nakakaalam kung ano ang tunay na nangyari sa dalawa. Ang pangyayaring ito ay kakikintalan ng aral na dapat igalang ang mga nilalang na hindi nakikita. Isinaad nga ni Catipay (2019) sa kanyang pag-aaral na kapag nagkakasala raw ang isang tao sa tahanan ng mga nasabing engkanto ay kinakailangan mag-alay sa mga ito bilang paghingi ng kapatawaran at pagpapakita ng galang sa kanilang lahi. Binanggit din nina Bernados, Agusto, Zamora, at Pilapil (2016) na ang paggalang sa mga nilalang na hindi nakikita ay binibigyan pagpapahalaga ng mga mamamayan sa lugar ng Punta Enganyo (hilagang bahagi ng Lungsod ng Lapu-Lapu) sa pamamagitan ng pag-aalay tuwing dadaan sa hilan o sagradong lugar na kinaroroonan ng batong pinaniniwalaang si Mangal na isang engkanto. Pinapahalagahan pa rin ng mga taga-Olango ang ganitong pagpapahalaga sapagkat kinikilala nila na ito ay bahagi ng kalikasan gaya ng dagat, malaking puno, at iba pa na nagbabantay upang mapanatili at mapangalagaan ito.

## ANG MISTERYOSONG TAMBULI

Lutang na lutang sa kuwentong-bayang ito ang pagpapahalaga sa pagiging matulungin ng mga taga-Olango. Makikita sa sipi sa ibaba ang nasabing pagpapahalaga:

> “Bisan sa ilang kawad-on, matinabangon gayod sina Noy Lito ug Nay Perling. Kutob sa naay mangayo og tabang nila, dili gayod kini mubalibad bisag ang puhonan nga kuwarta sa ilahang negosyo ang makuhaan.”

Malinaw na ipinahahayag sa sipi ang pagiging matulungin ng pangunahing tauhan sa kuwentong-bayan. Kahit mahirap lamang, hangga’t may maibibigay, ay kusang ibinabahagi nila ang kagandahang-loob tulad ng ginawa ng mag-asawa sa kuwento. Ang pagiging mapagbigay sa kapwa ay tunay na magandang katangian ng isang tao. Ang kagandahang-loob ay walang halong pakitang-tao at kakikitaan ng pagpapakatotoo sa sarili. Binanggit ni Villan (2017) na ang kalooban ay hindi lamang luklukan, hindi lamang ng sikolohiyang panlipunan ukol sa pakikipagkapwa, kung hindi sa lahat. Sa konteksto ng mga taga-Olango, higit nilang naipamalas ang pakikipag-kapwa at pagtutulungan sa panahon ng lockdown. Nagtulungan ang mga taga-Olango sa pamamagitan ng pagbabahagian ng kanilang

pagkain, tulong pinansyal, at emosyonal na suporta sa kanilang kapwa. Patunay lamang ito na likas sa mga katangian ng mga taga-Olango ang pagkakaroon ng kagandahang-loob sa pagtulong sa kapwa.

## SÑR. SANTIAGO APOSTOL

Mamamalas sa kuwentong-bayang ito ang pagpapahalaga sa matibay na pananalig sa kanilang Patron. Sa buhay ng mga taga-Olango, nakasanayan na nila ang pagkakaroon ng matibay na pananalig sa kanilang patron na naipakikita sa pagdiriwang ng kapistahan taon-taon bilang pasasalamat sa mga biyayang kanilang natatanggap. Pansinin ang sipi na nasa ibaba:

> "Gisadya ug ginasaulog si Sñr. Santiago Apostol sa mga katawhan dinhi sa Tungasan tungod sa iyahang maayong buhat sa pagpakabana sa iyang mga katawhan."

Mahihinuha sa siping ito ang matibay na pananalig sa paraan ng pagdiriwang ng kapistahan ng kanilang Santo bilang pagbibigay-pugay at pasasalamat sa pagtulong sa kanila upang mailayo sa kapahamakan. Sa kuwento ng Sñr. Santiago Apostol, namayani ang pagpapahalagang matibay na pananalig at pagdiriwang ng kapistahan. Sa pagpapahalagang ito mahihinuha na ang pagdiriwang ayon sa paniniwala ay nakatutulong upang higit na magkabuklod-buklod ang mga taga-Olango. Binanggit sa pag-aaral nina Dablo, Dela Rama, Garcia, Maglasang, Nanoy, Paga, Verallo, Borbajo, at Noval (2021) na ang mga kuwentong-bayan ng mga Kawhaganyon ay may pagpapahalaga sa pagpapalaganap sa kadakilaan ng Diyos sa pagpapakita ng mga milagro na kinamamanghaan at lalong nagpapatatag sa kanilang pananalig. Ang paniniwala sa Sto. Niño at Santa Cruz ay bahagi na ng matatag na paniniwala ng mga taga-Olango sapagkat pinaniniwalaan nila ang milagrong naibibigay ng mga santong ito sa kanilang isla.

## ANG ASWANG

Ang pagpapahalagang lumulutang sa kuwentong-bayang ito ay ang pagiging tapat sa pangako bilang bahagi ng garbo (pride) ng isang Cebuano. Mapapatunayan ito sa siping nasa ibaba:

> "Matod pa ni Tonyo " Pre, ikaw diay na? tinuod gayud diay ang sulti-sulti sa mga tao nga ikaw ang maong mangtas sa atoang sitio." " O, Pre Tonyo ako, busa ayaw baya pagsaba-

> saba pre ha sekreto ra ni nato ug salig ko nimo" matod pa ni Berto " O pre makasalig ka" tubag ni Tonyo."

Malinaw na ipinakita sa kuwento na dapat maging matapat sa taong pinangakuan upang hindi sila masasaktan at hindi masisira ang pinagsamahan. Ipinapakita sa kuwentong-bayan na ang taga-Olango ay tumutupad sa pangako dahil bahagi ito ng kanyang garbo na magandang kaugaliang Cebuano. Binanggit sa pag-aaral ni Lagahid at Puyo (2016) na ang garbo ay pag-uugali ng mga Cebuano na ipinapakita ang pagmamalaki sa kanyang pagkakakilanlan sa lipunan sa positibong pamamaraan. Dagdag pa nila, isinasalamin ng garbo ang dignidad at pride ng mga Cebuano na maihahawig sa konsepto ng amor propio. Mahihinuha sa pahayag na itinuturing ng mga taga-Olango bilang garbo ang katapatan hindi lamang sa kanilang sarili kundi maging sa ibang tao sa pamamagitan ng pagiging tapat sa pangako. Magpasakasalukuyan, ang pagiging tapat sa pangako ay buhay na buhay pa rin sa kaugaliang maipagmamalaki ng mga taga-Olango.

## ANG BANGAW

Maipamamalas sa kuwentong ito ang pagpapahalaga sa pagsunod sa payo. Ipinapakita rito ang magiging resulta sa hindi pakikinig sa payo ng ibang tao. Mababasa ito sa sipi na nasa ibaba:

> "Gituman sa maong lalaki ang gipangsulti ni Mang Nicolas ug gidali-dali niya og balik sa dagat ang maong kahoy nga dagsa."

Ipinalulutang sa kuwentong-bayan ang pagpapahalaga sa pagsunod sa payo ng mga nakakatanda upang maiwasan ang anomang kapahamakan. Nakasaad sa pag-aaral ni Catipay (2019) na ang ilan sa mga pag-uugaling naipakikita ng mga Cebuano ay ang pagiging masunurin at mapitagan sa mga nakakatanda. Pinapatunayan nito, na ang mga nakatatanda ay pinahahalagahan maging sa kasalukuyan sa pamamagitan ng pagsunod at pakikinig sa kanilang payo. Ipinalulutang din ng pagpapahalagang ito ang paggalang ng mga taga-Olango sa kanilang mga nakatatanda bilang mahalagang bahagi sa lipunan bilang pagkilala sa kanilang karanasan at karunungan na nakaambag sa paghubog sa isla ng Olango.

## BALIW-BALIW FESTIVAL

Makikita sa akda ang malakas na pananalig ng mga taga-Olango sa Panginoon at pagkakaroon ng positibong pananaw sa panahong nakararanas ng mga hamon sa buhay. Mapatutunayan ito sa sipi na nasa ibaba:

> "Pagsaulog namo sa maong basahon inubanan sa pagprosisyon nahunong na ang maong mga balatian, Og dili saulugon ang "Sakay-sakay" o mas naila sa pagprosisyon sa mga santos sa dagat mubalik ang maong mga sakit."

Namamayani sa sipi ang pagpapahalaga sa pananalig sa Poon na sinasalamin sa akdang Baliw-Baliw Festival. Ang pananalig sa Poon ang nagbibigay sa kanila ng panibagong pag-asa sa kanilang buhay. Pinapapalakas ng pananalig ang kanilang puso at isipan sa pagharap sa mga hamon ng buhay. Binanggit sa pag-aaral ni Alvarado (2018) na ang pananampalataya ay pananalig at pagtitiwala ng tao bunga ng kanyang pakikipagharap at pagtitiwala sa Diyos. Ipinahayag ni Noval (2022) na ang mga Cebuano ay mayroong positibong pananaw sa buhay kahit pa man sa mahihirap na sitwasyong kanilang nararanasan. Natuklasan din sa pag-aaral ni Orio (2016) na ang optimistikong Cebuano ay palaging bumabangon sa kabila ng mga hamon sa buhay sa pamamagitan ng paningkamot (pagsisikap) na nagsasakatuparan ng kanilang paglaum (pag-asa). Sa kasalukuyan, itinuturing ng mga taga-Olango na isang magandang kaugaliang Cebuano ang pagkakaroon ng positibong pananaw sa buhay at ang kanilang taimtim na pananalig ay subok na sa mga panahon ng pangangailangan.

## SÑR. STO. NIÑO DE KAPLAG

Namamayani sa kuwentong-bayang ito ang pagpapahalagang matatag na paniniwala sa Sñr. Sto. Niño de Kaplag. Ipinapakita sa kwentong ito ang tapat at malakas na pananampalataya ng mga tao sa Santo, na kahit sinoman ay walang makatitibag nito. Mababasa ito sa sipi na nasa ibaba:

> "Kada kaligo sa maong balaang bata musayaw kini uban sa musika gikan sa tambol. Ang ubang mga tawo wala gayud mutuo niini apan wala kini makapugong sa among pagtuo kay kami man mismo ang nakasaksi."

Malinaw na inihayag sa kuwentong-bayan ng Sñr. Sto. Niño de Kaplag ang pagpapahalaga sa matatag at matapat na pananampalataya sa Santo. Pinagpala sa biyaya ang mga debotong may malakas at tapat na

pananalig sa Santo. Ang kanilang pananalig ang nagbibigay ng kalakasan sa kanilang puso sa patuloy na pagtitiwala sa kabutihan ng Diyos. Binanggit ni Zinnbaurer na ang mga Cebuano ay mga relihiyosong mamamayan na may matibay na pananalig sa Batang Hesus (Alvarado, 2018). Ang paniniwalang ito ay laganap sa buong kapuluan ng Cebu pati na sa isla ng Olango. Sa katunayan, sa unang pagbisita ng Señor Sto. Niño sa taong 2018, tinanggap ito ng daan-daang mga botante nanampalataya sa kabanalan nito (Limpangog, 2018). Sa kasalukuyan, ang mga taga-Olango ay may matatag na paniniwala sa Batang Hesus bilang kanilang tagapangalaga at tagapagligtas.

## SI HERMOSA AT KANYANG KAIBIGANG DUWENDE

Mahihinuha sa kuwentong-bayang ito ang pagpapahalaga sa pagmamahal sa kaibigan. Mababasa sa kuwento kung paano niya pinahalagahan at minahal ang kanyang kaibigan sa kabila ng pagsubok na nararanasan. Makikita ito sa sipi na nasa ibaba:

> "Sa pagkamatay sa ginikanan ni Hermosa, kasakit ug kasubo ang iyahang na sinati apan wala jud mubiya ang iyahang higala. Giatiman siya og tarong niini."

Ipinamalas sa sipi ng akda ang pagpapahalaga sa tunay na pagmamahal ng isang kaibigan na kailanman ay palaging nandiyan upang umagapay. Malinaw na ipinalutang sa akda na ang kaibigan ay nagsisilbing sandigan o sandalan sa mga panahong wala ka nang iba pang makapitan. Isinaad ni Escoda (2018) na ang mga Cebuano ay kinikilala sa buong Pilipinas bilang mga taong pinakamagiliw, palangiti, at mapagmahal sa kapwa. Magiliw nilang tinatanggap ang mga bisita at kinakaibigan nila ito. Maganda ang pakikitungo ng mga Cebuano sa kapwa at busilak ang kanilang puso sa kanilang taong minamahal. Mahihinuha sa kuwentong-bayan na ang mga taga-Olango ay tunay na palakaibigan at maaasahan sa mga oras ng pangangailangan.

Mahihinuha sa sampung kuwentong-bayang sinuri na ang nangingibabaw na mga pagpapahalaga ay ang mga sumusunod: pagbabayanihan, pagpapahalaga sa kalikasan, paggalang sa mga nilalang na hindi nakikita, pagiging matulungin, matibay na pananalig, pagiging tapat sa pangako, pagsunod sa payo ng nakatatanda, pagpapahalaga sa Poon, matatag na paniniwala sa Sñr. Sto. Niño de Kaplag, at pagmamahal sa kaibigan.

Bilang paglalahat, ang sampung kuwentong-bayang sinuri ay

nagpapalutang sa mga pagpapahalaga na may kaugnayan at sumasalamin sa kultura, kaugalian, at paniniwala tulad ng pagmamahal sa kaibigan at sa kalikasan, pananampalataya sa Maykapal, pagiging masunurin, at pagtutulungan sa isa't isa.

3.2 Mga kulturang nakapaloob sa mga kuwentong-bayan sa isla ng Olango
Makikita sa talahanayan 2 ang bisuwal na presentasyon ng kulturang mamamalas sa sampung piling kuwentong-bayan sa Isla ng Olango. Binigyang-diin ng mga mananaliksik ang paglalahad at pagsusuri sa kultura upang muling mapag-aralan ang natatanging kulturang isinisiwalat ng mga piling kuwentong-bayan. Mahalaga rin itong mapag-aralan upang muling mabalikan at mapag-alaman ang mayamang kulturang mayroon ang Isla ng Olango.

**Talahanayan 2**
*Mga kulturang nakapaloob sa mga kuwentong-bayan sa isla ng Olango*

| Mga Kuwentong-Bayan | Kultura | Sipi mula sa Kwentong-Bayan |
|---|---|---|
| Ang Kwento ni Sta. Filomena | Matatag ang paniniwala ng mga tao sa kanilang mahal na Patron | "Gihimoan na lang og replika sa iyahang imahe subay sa amoang hugot nga pagtuo ug paghandom sa kaayo sa amoang patron." |
| Alamat ng Bantique | Katapangan sa pagsuong sa hamon ng buhay | "Wala sila'y bugtong nahimo kundi ang pagsud-ong og ang pagpaawot sa luha. Naningkamot sila nga mabuhi pagbalik tungod ug alang sa ilang tagsa-tagsa ka pamilya." |
| Ang Pandan | Mga paniniwala tungkol sa mga hindi nakikitang elemento | "Sa pagtukma sa tungang gabii ang maong pandan mukalit lang og kahimong usa ka maanyag nga palasyo. Ang maong palasyo maoy puy-anan ug abutanan sa mga engkanto." |
| Ang Misteryosong Tambuli | Pagiging matulungin sa kapwa | "Nangayo og tabang ang tiguwang kay wala na siya'y ikapalit og bugas. Sa pagkadungog sa rason sa maong tiguwang si Noy Lito wala'y pagduha-duha og hatag sa bugas ug kuwarta." |
| Sñr. Santiago Apostol | Paniniwala na ang patron ang siyang tagapagtanggol at tagapagpanatili ng kaayusan | "Si Snr. Santiago Apostol ang amoang manluluwas sa mga higayon nga adunay muabot nga grupo sa mga taw nga adunay dautang plano alang sa iyahang katawhan." |
| Ang Aswang | Pagkahilig sa pag-inom ng tuba | "Nilabay ang pipila ka adlaw sa dihang giimbitar og inom si Noy Tonyo og tuba sa iyang kasilinganan." |
| Ang Bangaw | Paniniwala sa mga masasamang espiritu | "kani nga kahoy ayaw ninyo hilabti ug ayaw ninyo dad-a sa inyuhang panimalay kay kining maong kahoy ang sakyanan sa mga dautang espiritu nga nagdala kini og makalilisang nga sakit o balatian nga gikan pa sa Mindanao". |

| | | |
|---|---|---|
| Baliw-Baliw Festival | Pagprosisyon sa mahal na Patron sa dagat | "Pagsaulog namo sa maong basahon inubanan sa pagprosisyon nahunong na ang maong mga balatian, ug dili saulugon ang "Sakay-sakay" o mas naila sa pagprosisyon sa mga santos sa dagat mubalik ang maong mga sakit. Ang "Sakay-sakay" maoy nag-isip nga pasalamat sa paghunong sa mga sakit." |
| Sñr. Sto. Niño de Kaplag | Nakapagpapagaling ang rebolto ni Sñr. Sto. Niño ng mga may karamdaman | "Matag bisperas kaliguon kini og tubig sa butong ig kahuman og kaligo ipanghatag ug ipainom ang tubig sa butong nga gikaligo niya isip pagtuo sa mga tawo nga makapabaskog ug makapawagtang kini sa mga nagkalain-laing balatian." |
| Si Hermosa at kanyang Kaibigang Duwende | Likas na mapagkaibigan | "Nag-ila-ila ang duha ug nagsige'g istoryahanay og sa wala madugay nahimong maghigalaay ang duha. Matag hapon permi muadto sa baol si Hermosa para kamustahon ang iyahang higala." |

## ANG KWENTO NI STA. FILOMENA

Ipinapakita sa kuwentong-bayan na ito ang matatag na paniniwala ng mga tao sa kanilang mahal na Patron sa kabila ng mga pagsubok na kanilang pinagdadaanan. Tunghayan ang sipi na nasa ibaba na magpapatunay sa kulturang ito:

"Gihimoan na lang og replika sa iyahang imahe subay sa amoang hugot nga pagtuo ug paghandom sa kaayo sa amoang patron."

Ipinapakahulugan sa sipi na ito na kahit nawala at hindi na nasisilayan ng mga tao ang totoong imahe ng mahal na Patron ay patuloy pa rin silang nananampalataya. Ginawan nila ng replika ang imahe ng kanilang mahal na Patron bilang tanda ng kanilang patuloy na pananalig. Lalong sumisigla ang kanilang paniniwala sa tuwing pinagmamasdan nila ang replika ng imahe ng patron. Ayon sa pag-aaral ni Alvarado (2018), likas kung maituturing ang matibay na pananampalataya sa santo ng mga Pilipino partikular na ang mga Cebuano. Ang pagdadasal at pagsasakripisyo ay kaugalian ng mga Cebuano na nagpapakita ng matatag na pananalig sa Diyos. Sa katunayan, kahit humaharap ang lungsod sa pandemya ay hindi ito balakid sa kanilang pananampalataya dahil mas naging matatag ang mga puso ng mga mamamayang Cebuano sa pagpapakita ng kanilang iba't ibang paraan ng pananalig sa poon dahil naniniwala sila na ginagabayan at biniyayaan sila

nito.

## ALAMAT NG BANTIQUE

Sinasalamin sa kuwentong-bayang ito ang kultura ng katapangan sa pagsuong sa hamon ng buhay. Likas sa mga taong naninirahan sa Olango ang kaugalian ng katapangan sa paglaban sa bawat hamon sa buhay. Nagiging matatag ang kanilang puso at isipan dahil may natutunan sila tuwing sinusuong nila ang mga pagsubok. Bigyang-pansin ang sipi na nasa ibaba:

> "Wala sila'y bugtong nahimo kundi ang pagsud-ong ug ang pagpaawot sa luha. Naningkamot sila nga mabuhi pagbalik tungod ug alang sa ilang tagsa-tagsa ka pamilya."

Pinatutunayan sa siping ito na ang pagmamahal sa pamilya ang nagbibigay ng kalakasan sa isang tao upang muling bumangon at lumaban sa mga pagsubok sa buhay. Ang kaugaliang ito ang naging patunay na kahit anong pagsubok ang dumadating sa buhay ng isang tao ay hinding-hindi siya madaling natitinag sapagkat nag-aalab ang kanyang puso ng katapangan dahil sa pagmamahal na ibinibigay ng kanyang pamilya. Ang Cebuano bilang isang palabang lahi ay hindi basta-bastang sumusuko sa kahit anomang pagsubok hanggang sa matamo niya ang tagumpay (Noval, 2021). Bilang halimbawa, makikita ang ganitong kultura kay Donald "Dondon" Hontiveros, isang Cebuanong basketball icon at dating Gilas Star, na lahat ng kanyang narating ngayon ay ang bunga ng suporta ng kanyang pamilya, ang patuloy na pagpupursige, at hindi pagsuko sa hamon ng buhay (Vega, 2019). Malinaw na ipinapakikita dito na ang pagmamahal o suporta ng pamilya, pagpupursigi at ang patuloy na paglaban sa hamon ng buhay ay ang mga katangiang magdadala sa isang tao sa kanyang mga pinapapangarap sa buhay.

## ANG PANDAN

Namamayani sa akdang ito ang kulturang pumapatungkol sa mga sinaunang paniniwala tungkol sa mga engkanto. Ang mga engkanto ay isang uri ng nilalang sa mitolohiyang Pilipino na pinaniniwalaang may angking kakayahang naiiba sa mga ordinaryong nilalang gaya ng tao at hayop. Pinaniniwalaan na ang mga engkanto ay mayroong dalawang uri - ang mababait at ang mga masasama. Sila ay nagtataglay ng mga kapangyarihan.

Pansinin sa ibaba ang sipi na galing sa orihinal na akda:

"Sa pagtukma sa tungang gabii ang maong pandan mukalit lang og kahimong usa ka maanyag nga palasyo. Ang maong palasyo maoy puy-anan ug abutanan sa mga engkanto."

Pinatutunayan na mayaman sa mga paniniwala ang mga ninuno at isa na rito ang hinggil sa mga engkanto. Katulad ng mga tao, ang mga engkanto ay may mga tahanan din. Base sa mga nailathalang mga aklat, ang mga engkanto ay makikita lamang tuwing pagsapit ng hatinggabi na kung saan ang mga tao ay natutulog na. Inihayag ni Catipay (2019) na ang ikinagagalit ng mga engkanto ay ang taong mahilig lumapastangan sa kalikasan. Katulad sa akda ng Ang Pandan, ang mag-asawa ay pinarusahan dahil sinira nila ang naging tahanan ng mga engkanto. Ang kanilang pagkawala ay nagsisilbing isang malaking misteryo. Sa kabuoan, ang mga engkanto ay bahagi ng kultura ng mga Cebuano sa loob ng mahabang panahon hanggang sa kasalukuyan.

## ANG MISTERYOSONG TAMBULI

Ipinalulutang sa kuwentong-bayang ito ang kaugalian na pagiging matulungin sa kapwa. Likas na nananalaytay sa mga taong naninirahan sa isla ng Olango ang pagiging mapagbigay sa kanilang kapwa. Mapatutunayan ito sa sipi na inilahad sa ibaba:

"Nangayo og tabang ang tiguwang kay wala na siya'y ikapalit og bugas. Sa pagkadungog sa rason sa maong tiguwang si Noy Lito wala'y pagduha-duha og hatag sa bugas ug kuwarta."

Lutang na lutang sa sipi ang kabutihang tinataglay ng pangunahing tauhan sa kuwentong-bayan na sumasalamin sa kaugalian ng mga taong naninirahan sa Isla ng Olango. Bukas ang kanyang puso sa mga taong humihingi sa kanya ng tulong. Mas inuuna pa niya ang iba kaysa sa kanyang sarili. Inilalarawan sa pag-aaral nina Dablo, Dela Rama, Garcia, Maglasang, Nanoy, Paga, Verallo, Borbajo, at Noval (2021) na ang mga Kawhaganyon sa pangkalahatan ay nagtutulungan at nagkakaisa. Ang pagkakaisa ay sinasalamin sa mga panitikan ng mga taga-Caohagan ng Olango at kahit anomang sakuna ang dumating ay mananatili pa rin ito.

## SÑR. SANTIAGO APOSTOL

Ang kulturang mahihinuha sa kuwentong-bayan na ito ay ang paniniwala na ang Patron ang siyang tagapagtanggol at tagapagpanatili ng kaayusan. Naniniwala ang mga tao na ginagabayan at binabantayan sila ng kanilang santo. Tunghayan ang sipi sa ibaba na magpapatunay sa kulturang ito:

> "Si Sñr. Santiago Apostol ang amoang manluluwas sa mga higayon nga adunay muabot nga grupo sa mga taw nga adunay dautang plano alang sa iyahang katawhan."

Malinaw na ipinakikita sa sipi ang kabutihang hatid ng isang santo sa buhay ng tao. Inihahatid ng santo ang mga biyaya patungo sa kanyang mga mananampalataya na maghari ang kasaganahan at kapayapaan sa kanilang buhay. Ang banal na biyaya na natatanggap ng deboto ang nagpapalakas ng pananampalataya dahil totoong natanggap at naranasan nila ang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng Batang Hesus. Ang imposible ay nagiging posible sa kanilang buhay dahil nariyan ang santo (Alvarado, 2018). Malinaw na nakasaad na ang pagdedeboto ay nakadikit na sa buhay ng mga mananampalataya sa pananalig ng kanilang santo na naghahatid ng kabutihan sa takbo ng kanilang pamumuhay. Ang kulturang nangingibabaw sa akda ang siyang nagpapatunay na ang mga Cebuano ay kilala sa pagiging maka-Diyos.

## ANG ASWANG

Ang kulturang sinasalamin sa kuwentong-bayang ito ay ang pagkahilig ng mga taga-Olango sa pag-inom ng tuba. Bahagi ng kasaysayan ng mga kaugalian sa isla ng Olango ang pagkahilig sa pag-inom ng tuba. Hinding-hindi mawawala ang ganitong kaugalian kapag may iba't ibang okasyon o pagtitipon sa kanilang lugar. Pansinin ang sipi na nasa ibaba upang mapapatunayan ang kulturang nangingibabaw:

> "Nilabay ang pipila ka adlaw sa dihang giimbitar og inom si Noy Tonyo og tuba sa iyang kasilinganan."

Malinaw na inilahad sa sipi ang kaugalian ng pagiging mahilig sa inoman habang nagkukwetuhan. Ang pinakapaboritong inumin sa isla ng Olango ay ang tuba. Ito ay inumin na galing sa katas o dagta ng niyog.

Napapasarap ang kwentuhan ng nag-iinoman dahil sa kanilang iniinom na tuba. Sa artikulo ni Woolsey (2021) na nailathala onlayn, isinaad niya na ang tuba ay ipinagmamalaki ng mga lokal tanda ito ng kanilang regional pride. Dagdag pa niya, ang tuba ay mahalaga sa kasaysayan, bahagi ito ng kanilang pagkatao. Nagpapatunay ito na ang kulturang inihahayag sa kuwentong-bayan ay nakaugat na sa kultura ng mga taga-Olango sa loob ng mahabang panahon hanggang sa kasalukuyan.

## ANG BANGAW

Mababatid sa akdang ito ang kaugalian ng mga mamamayan Islahanon patungkol sa kanilang paniniwala sa mga masasamang espiritu. Base sa mga nailathalang mga akda ang mga masasamang espiritu ay ang mga alagad ng kadiliman na nagdadala ng salot o mga karamdaman sa tao. Mababakas ito sa sipi na inilahad sa ibaba:

> "Kani nga kahoy ayaw ninyo hilabti ug ayaw ninyo dad-a sa inyuhang panimalay kay kining maong kahoy ang sakyanan sa mga dautang espiritu nga nagdala kini og makalilisang nga sakit o balatian nga gikan pa sa Mindanao."

Mahihinuha sa sipi ang panganib na dinadala ng isang masamang espiritu sa buhay ng isang tao. Iniaakit nila ang tao na gawin ang masama kaysa gumawa ng kabutihan. Sila ay nagbabalat-kayo upang maipalaganap ang iba't ibang uri ng karamdaman para akitin ang isang tao na ilabas ang galit at poot na kinikimkim sa kanilang puso upang mararamdaman nila na kinalimutan na sila ng Diyos. Inilalayo nila ang tao sa kabutihan at iniimpluwensiyahan nila na dapat poot at galit ang mangingibabaw sa kanilang mga puso. Dito sa lalawigan ng Cebu, may iba't ibang makalumang pamamaraan na ginagawa sa pagtaboy ng mga masasamang elemento. Nangangahulugan lamang ito na ang mga Pilipino ay likas na espiritwal, may malakas na paniniwala sa mga espiritu tulad ng mga anito at engkanto na namumugad sa mga bundok, kuweba, dagat at bato (Villan, 2013). Hindi maitatanggi na ang mga masasamang espiritu ay nakapaligid lamang sa mundong ginagalawan kaya mas nararapat na higpitan ang pananampalataya sa Diyos at palaging mag-ingat.

## BALIW-BALIW FESTIVAL

Mahihinuha sa kuwentong-bayang ito ang kaugalian ng pagprosisyon

sa mahal na Patron sa dagat. Ang pagprosisyon ay isang relihiyosong gawain ng mga deboto sa kanilang poon na may layuning maitaboy ang mga sakit at sakuna sa kanilang bayan. Mababakas ang kulturang ito sa sipi na nasa ibaba:

> "Pagsaulog namo sa maong basahon inubanan sa pagprosisyon nahunong na ang maong mga balatian, og dili saulugon ang "Sakay-sakay" o mas naila sa pagprosisyon sa mga santos sa dagat mubalik ang maong mga sakit. Ang "Sakay-sakay" maoy nag-isip nga pasalamat sa paghunong sa mga sakit."

Ipinapakahulugan sa sipi ang relihiyosong gawain ng mga deboto sa pagdadasal at pagprosisyon sa imahe ng Santo sa dapat upang masigurong ligtas sa anumang sakuna o karamdaman ang kanilang bayan. May iba't ibang debosyon ng nangyayari sa iba't ibang lugar sa Pilipinas na kung saan may mga pagpoprosisyon at pagdadasal na nagaganap tulad na lang ng translacion ng lungsod ng Naga sa pagdiriwang nila ng Peñafrancia Festival. Ang debosyong ito ay pinapanata ng mga deboto dala-dala ang mga kandila nila sabay ang mataimtim na pagdadasal (Delos Reyes, 2014). Binanggit naman ni Mendoza (2019) sa kanyang artikulo na makikita sa Lungsod ng Lapu-Lapu ang mga makukulay na mga bangka sa pagprosisyon sa dagat dala-dala ang imahe ni Nuestra Señora Birhen de Regla. Maraming mga deboto ang sumasama sa pagprosisyon sa dagat habang tinutugtog ang mga banda at awitin tungkol sa mahal na Patron. Matapos ang pagprosisyon ay agad nang ibinabalik ang imahe sa kanyang simbahan upang isagawa ang Misa. Halos ang silid ng simbahan ay napupuno ng mga deboto na nagdadasal nang mataimtim. Makikita rito ang walang kupas na pagtitiwala ng mga Cebuano sa kanilang mga minamahal na Patron.

## SÑR. STO. NIÑO DE KAPLAG

Mababatid sa kuwentong-bayan na ito ang paniniwalang nakapagpapagaling ang imahe ng Poon sa mga may karamdaman. Tunghayan ang sipi na nasa ibaba na magpapatunay sa kulturang ito:

> "Matag bisperas kaliguon kini og tubig sa butong ig kahuman og kaligo ipanghatag ug ipainom ang tubig sa butong nga gikaligo niya isip pagtuo sa mga tawo nga makapabaskog ug makapawagtang kini sa mga nagkalain-laing balatian."

Makikita sa sipi ang kaisipang makapangyarihan ang imahe ng santo sa pagpapakita ng mga milagro sa pagpapagaling ng iba't ibang karamdaman. Maraming mga nagsasabi na ang pagpapanata sa imahe ng Batang Hesus ay nagbubunga ng katatagang-loob sa pakikipagbuno sa mga hamon ng buhay. Ang wagas na pagtitiwala at pagpapanata sa imahe ng Batang Hesus ay nagbibigay ng malaking pagbabago sa buhay. Inilahad ni Alvarado (2018) na kilala ang Sñr. Sto. Niño sa Cebu bilang patron na naghihimala at libo-libo katao ang nakikipagsapalaran nito. Narito ang ginagawa ng mga deboto sa mga santo: pinupunasan, hinahalikan, at niluluhuran habang nagdarasal dahil pinaniniwalaan ng mga deboto na makapagpapagaling ito sa lahat ng mga karamdaman. Ang dinanas ng mga deboto sa pagtupad ng mga kahilingan ay naging sanhi ng matibay na pananalig sa Batang Hesus. Patunay lamang ito na ang imposible ay nagiging posible sa pamamagitan ng mataimtim na pananalig.

## SI HERMOSA AT KANYANG KAIBIGANG DUWENDE

Ang kulturang sinasalamin sa akdang ito ay ang kaugalian ng pagiging palakaibigan. Kilala ang mga Cebuano na mahusay sa pakikitungo sa kapwa. Tunghayan sa sipi na nasa ibaba na magpapatunay sa kulturang ito:

> "Nag-ila-ila ang duha ug nagsige'g istoryahanay og sa wala madugay nahimong maghigalaay ang duha. Matag hapon permi muadto sa baol si Hermosa para kamustahon ang iyahang higala."

Makikita sa sipi ang kagandahang-loob ng mga Cebuano sa pakikitungo sa kanilang kapwa. Pinatotohanan ito sa pahayag ni Escoda (2018) na ang mga Cebuano ay kinikilala sa buong Pilipinas bilang mga taong pinakamagiliw, palangiti, at mapagmahal sa kapwa. Magiliw nilang tinatanggap ang mga bisita at kaibigan. Makikita rin sa kasalukuyan na ang lalawigan ng Cebu ay binabalik-balikan ng mga dayuhang turista dahil sa magandang tanawin, masasarap na pagkain, at mga palakaibigan na mga tao. Ang mabubuting katangian ng mga Cebuano ay patuloy na nangingibabaw sa kanilang puso.

Bilang paglalahat, makikita sa sampung piling kuwentong-bayan ng Isla ng Olango ang kulturang matatag na paniniwala ng mga tao sa kanilang mahal na Patron, katapangan sa pagsuong sa hamon ng buhay, paniniwala sa mga hindi nakikitang elemento, pagiging matulungin sa kapwa, paniniwala

na ang Patron ang siyang tagapagtanggol at tagapagpanatili ng katiwasayan, pagkahilig sa pag-inom ng tuba, paniniwala sa mga masasamang espiritu, pagprosisyon sa mahal na patron sa dagat, nakapagpapagaling ang imahe ng Poon sa mga may karamdaman, at pagiging palakaibigan ng mga taga-Olango.

## Antolohiya ng mga Kuwentong-Bayan sa Isla ng Olango

Sa makabagong panahon, umuusbong ang iba't ibang mga kulturang popular na kinahuhumalingan ng mga kabataan. Naisasantabi ang pagbibigay-halaga sa mga natatanging panitikan ng kinabibilangang lipunan. Napababa nito ang interes ng mga kabataan sa mga pasalin-dilang pamana gaya ng mga kuwentong-bayan sa Isla ng Olango. Nararapat lang na ito ay pag-aralan at buhayin sa bawat isip at puso ng kabataan sa pamamagitan ng pagkalap at pagbuo ng isang antolohiya ng mga lokal na kuwentong-bayan. Sa ganitong paraan, makatutulong ito na manunumbalik ang kawilihan sa pagbasa at pagbibigay-halaga sa panitikan sa kabuoan. Higit sa lahat, nilalayon nito na mas maipadama sa kabataan ang tunay na diwang maidudulot ng kuwentong-bayan bilang tanda ng pagpapahalaga sa panitikang Pilipino. Lilinangin din nito ang kasanayan sa pag-uugnay ng mga pangyayari sa binasang kuwentong-bayan sa mga kaganapan sa iba pang lugar ng bansa at paghihinuha ng kaugalian at kalagayang panlipunan ng lugar na pinagmulan nito batay sa mga pangyayari at usapan ng mga tauhan.

Sa pagsasalin, dumaan ito sa mabusising proseso upang makabuo ng isang makabuluhang antolohiya ng mga piling lokal na kuwentong-bayan sa Isla ng Olango na isinaalang-alang ang diwa sa diwa ng isinaling akda. Hindi binago ang papapakahulugan at ang daloy nito. Ginawa ring at malikhain ang salin upang maging katanggap-tanggap. Sa nabuong antolohiya, nilalayon ng mga mananaliksik na makatutulong ang mga ito sa edukasyon at gamitin sa pagkatuto ng mga mag-aaral upang mas lalong mapahalagahan at mapayabong ang pasalin-dilang kultura ng mga Pilipino partikular na ang kulturang Cebuano. Ang pag-aaral na ito ay nakatutulong sa pagtataguyod at pagtatampok ng mga panitikan na sumasalamin sa pamumuhay, paniniwala, kaugalian, kultura, at pagkakakilanlan ng Isla ng Olango. Makikita sa ibabang bahagi ang halimbawa ng mga kuwentong-bayang nalikom at ang salin nito.

**Ang Sugilanon ni Sta. Filomena**
Orihinal (Cebuano)

*Si Don Felicio ang hinigugmang lalaki ni Filomena apan wala kini kagusto-i sa iyahang amahan. Nagtuman sa gusto si Filomena, iyahang gipadayon ang iyang gugma ni Don Felicio. Naglagot ang amahan ni Filomena kay nagtuman kini sa iyahang gusto. Gidala si Filomena sa iyahang amahan sa lawod sa dagat ug gihulog siya nga adunay angkla sa iyahang lawas. Ning-abot ang pila ka adlaw, ninggimaw ang patay'ng lawas ni Filomena ug gidagsa sa suba sa Tiber ug didto siya unang nagpakita og mga milagro.*

*Ang imahe ni Sta. Filomena gidala sa mga Kastila sa ilahang paglawig. Gihatag ug gibilin ang maong imahe dinhi sa Barangay Tingo. Sa unang pag-abot sa iyahang imahe sa lugar, nagpakita dayon kini'g mga milagro. Base sa mga saysay, ang imahe ni Sta. Filomena mura gayud og tawo. Ang iyahang panit murag panit sa tawo. Tungod sa mga milagro nga iyahang gipakita sa mga tawo, gihimuan dayon siya'g iyahang kaugalingon nga simbahan. Gisaulog siya sa mga tawo ug gipistahan matag tuig sa buwan sa Agosto nga iyahang unang pag-abot sa lugar.*

*Daghang mga nakasaksi sa panahon nga adunay mga katalagman ug mga balatian sa lugar. Makit-an nila si Sta. Filomena nga galakaw-lakaw sa mga dalan ug sa daplin sa baybayon. Si Tatay Nemesio ang nag-atiman sa imahe ni Sta. Filomena ug permi siya matingala nganong ang iyahang sanina ug kapa perming basa og tubig sa dagat. Natubag ang pangutana ni Tatay Nemesio basi sa mga taho-taho sa mga nakasaksi sa pagpanalipod sa katalagman ug balatian sa maong Patron sa lugar.*

*Naay usa ka adlaw niana, adunay mga laing tinuhuan ang mingsulod sa simbahan. Pagkahapon niana, nahibong ang mga tawo nga nawagtang ang imahe ni Sta. Filomena og buwak na lang ang gipuli sa iyahang altar. Nagtinabangay ang mga tawo sa Barangay Tingo sa pagpangita sa imahe apan ang kapa ra gayud ang ilahang nakit-an kilid sa iyahang simbahan. Gapadayon og pagpangita sa tanang tawo sa Tingo, apan wala gihapon nila kini nakit-an. Natuyok na nila ang tibook Tingo pero pakyas gihapon sila kay wala nila kini nakit-an. Usa ka adlaw niana, nagpadamgo si Sta. Filomena nga siya gikawat. Gitangtangan siya sa iyahang korona ug gihubuan siya'g sanina ug ang iyahang imahe gibutang sa ilawom nga gaang. Tuod man pagkaugma niana, gisubay sa mga tawo ang maong gaang basi sa iyahang gipadamgo. Unsa na man lang ka lawom ang ilahang pagsubay sa gaang apan wala gihapon nila nakit-i ang iyahang imahe. Nahisubo ang tanang tawo sa Tingo tungod kay gikawat ang ilahang Patron ug wala na nila kini*

*nahikit-an. Basi sa mga taho ang gakawat sa imahe ni Sta. Filomena kay mag-amahan nga namatay ug ang ilahang kauban nga taga-Talima nga si Mondang nabuang.*

*Ang imahe karon ni Sta. Filomena nga makita ninyo sa simbahan sa Tingo usa na lang ka replika. Gihimoan na lang kini og replika sa iyahang imahe subay sa hugot nga pagtuo ug paghandom sa kaayo sa Patron. Sukad-sukad, wala na gayud ang mga milagro nga nakita sa lugar sa pagkawala sa tinuod nga imahe ni Sta. Filomena. Hangtod karon, nagahandom ang tanan nga mabalik na unta ang imahe sa Patron sa iyahang simbahan.*

**Ang Kuwento ni Sta. Filomena**

salin sa Filipino

Si Don Felicio ang lalaking iniibig ni Filomena ngunit hindi ito nagustuhan ng kanyang ama. Sinuway ni Filomena ang kanyang ama, ipinagpatuloy niya ang kanyang nararamdaman na pagpapamahal kay Don Felicio. Nagalit ang ama ni Filomena dahil sinuway siya nito. Dinala si Filomena ng kanyang ama sa kailaliman ng laot at hinulog sa dagat na may nakataling angkla sa kanyang katawan. Makaraan ang ilang araw, lumutang ang katawan ni Filomena at nakarating sa ilog ng Tiber at doon siya unang nagpakita ng mga himala.

Dala-dala ng mga Kastila ang imahe ni Sta. Filomena sa kanilang paglalakbay. Ibinigay at iniwan ang imahe rito sa Barangay Tingo. Sa unang pagdating ng imahe ay agad itong nagpakita ng mga himala. Base sa mga isinalaysay ng mga tao, ang imahe ni Sta. Filomena ay parang buhay na tao. Ang kanyang balat ay kawangis ng balat ng tao. Nang dahil sa mga himalang ipinakita ng imahe ni Sta. Filomena ay nagtayo ang mga tao ng kanyang sariling simbahan. Ipinagdiwang ang kanyang kapistahan taon-taon sa buwan ng Agosto na hudyat na kanyang unang pagdating sa lugar.

Marami ang nakasaksi na sa tuwing may sakunang nangyayari at may dumadating na mga karamdaman ay kanilang nakikita si Sta. Filomena na naglalakad sa mga daanan at sa tabing-dagat. Si Tatay Nemesio ang nag-alaga sa imahe ni Sta. Filomena at palagi siyang nagtataka kung bakit basa ng tubig-dagat ang damit at kapa ng Patron. Nasagot ang mga tanong ni Tatay Nemesio base sa mga salaysay ng mga tao na nakasaksi sa ginagawang pagprotekta ng Patron sa mga sakuna at mga karamdaman sa aming lugar.
Isang araw, may mga taong iba ang paniniwala na pumasok sa simbahan. Kinahapunan, nagtaka ang mga tao kung bakit nawala ang imahe ni Sta. Filomena at bulaklak na lang ang naiwan. Nagtulungan ang mga tao sa paghahanap ng nawawalang imahe ngunit ang kapa lang ang nakita nila sa

gilid ng simbahan. Ipinagpatuloy ng mga taga-Tingo ang paghahanap sa imahe ngunit hindi pa rin nila ito makita. Isang araw, nagpakita sa panaginip si Sta. Filomena at inihayag nito na siya ay ninakaw. Tinanggal ang kanyang korona at hinubaran ng damit ang kanyang imahe at inilagay sa isang malalim na kuweba. Kinabukasan, tinahak ng mga tao ang mismong lugar na nakita sa panaginip. Malayong-malayo na ang kanilang tinahak ngunit hindi pa rin nila nakita ang imahe ni Sta. Filomena. Nagdadalumhati ang lahat ng mga residente ng Barangay dahil ninakaw ang kanilang Patron at hindi pa rin nila ito matatagpuan. Base sa mga haka-haka, ang nagnakaw sa imahe ay ang mag-ama na binawian ng buhay at ang kasama nilang si Mondang na naninirahan sa Talima na tuluyang nawala sa wastong pag-iisip.

Ang imahen na makikita sa simbahan ng Barangay Tingo sa kasalukuyan ay isa na lamang replika. Ginawan ng replika si Sta. Filomena bilang tanda ng malalim na paniniwala at pag-alala sa mga mabubuting ginawa ng patron. Simula ngayon, wala ng himalang nangyayari sa lugar simula nang mawala ang totoong imahe ni Sta. Filomena. Hanggang sa kasalukuyan, minimithi ng mga residente na maibalik na ang imahe ng Patron sa kanyang simbahan.

## Kongklusyon

Nakatuon ang pag-aaral na ito sa pangangalap at pagsusuri sa pagpapahalaga at kulturang ipinalulutang ng mga kuwentong-bayan sa Isla ng Olango upang makabuo ng isang antolohiya ng mga lokal na kwentong-bayan. Ang mga pagpapahalagang lutang na lutang sa sampung kuwentong-bayang sinuri ay sumasalamin sa pagmamahal sa kaibigan at sa kalikasan, pananampalataya sa Maykapal, pagiging masunurin at pakikipagtulungan sa kapwa.

Malinaw na ipinalutang sa sampung kuwentong-bayan ang mga natatanging pagpapahalaga ng mga taga-Olango. Mahihinuha sa mga kuwentong-bayan na nagkakaisa at nagtutulong-tulong ang mga taga-Olango sa panahon ng pangangailangan na mamamalas sa pag-aayos ng mga pinsala at paglinis ng mga tahanan at maging sa pag-aabot ng tulong sa mga pamilyang higit na napinsala ng bagyo. Dagdag pa rito, ang pagbabahagian ng kanilang pagkain, tulong pinansyal, at emosyonal na suporta sa kanilang kapwa. Patunay lamang ito na likas sa mga katangian ng mga taga-Olango ang pagkakaroon ng kagandahang-loob sa pagtulong sa kapwa at pagiging palakaibigan. Lutang na lutang din sa pagpapahalagang Olangohanon ang paggalang sa kalikasan at sa mga nilalang na hindi nakikita. Kinikilala nila

na ang mga engkanto ay bahagi ng kalikasan gaya ng dagat, malalaking puno, at iba pa na nagbabantay upang mapanatili at mapangalagaan ito. Pinapahalagahan din ng mga taga-Olango ang katapatan sa pangako dahil ito ay kanilang garbo na nagpapakita ng kanilang pagpapahalaga sa sarili at kanilang kapwa. Ang pagsunod sa payo ng mga nakatatanda at ang pagiging positibo sa buhay ay mahalagang hiyas sa kanilang buhay. Binibigyang-diin nito ang pagpapahalaga sa kanilang nakatatanda na may malaking ambag sa paghubog ng kanilang komunidad. Ang kanilang positibong pananaw sa buhay ay subok na sa mga panahon ng pangangailangan na mas pinatibay pa ng kanilang taimtim na pananalig sa Sto. Niño at Santa Cruz bilang tagagabay, tagapangalaga, at tagapagligtas.

Natuklasan din na ang mga kulturang nakapaloob sa sampung kuwentong-bayan ay nagpapahayag sa matatag na paniniwala ng mga taga-Olango sa kanilang mahal na Patron, katapangan sa pagsuong sa hamon ng buhay, paniniwala tungkol sa mga hindi nakikita, pagiging matulungin sa kapwa, malakas na paniniwala sa mahal na Patron bilang tagapagtanggol at tagapagpanatili ng kaayusan sa buhay, hilig sa pag-inom ng tuba, paniniwala sa mga masasamang espiritu, pagprosisyon sa mahal na Patron sa dagat, nakapagpapagaling ang imahe ng poon sa mga may karamdaman, at pagiging palakaibigan ng mga taga-Olango.

Batay sa sampung kuwentong-bayang sinuri, nangingibabaw sa kultura ng mga taga-Olango ang matatag na paniniwala sa kanilang mahal na Patron. Marami sa kanila ay deboto ng Sto. Niño at iba pang mga santo na naging gabay nila sa kanilang pamumuhay. Sa katunayan, kahit naapektuhan ang Olango ng pandemya, hindi ito naging balakid sa kanilang pananampalataya dahil mas naging matatag ang kanilang mga puso sa pagpapakita ng kanilang iba't ibang paraan ng pananalig sa poon at naniniwala sila na ginagabayan at biniyayaan sila nito. Ang kanilang pagdedeboto ay nakaugat na sa buhay ng mga Olangohanon na nagpapatunay sa kanilang matibay na pananalig sa Panginoon. Maraming mga deboto ang sumasama sa pagprosisyon sa dagat sa saliw ng banda at awiting nauukol sa mahal na Patron. Halos napupuno rin ng mga debotong nagdarasal nang mataimtim ang simbahan. Ang walang kupas na pagtitiwala ng mga Olangohanon sa kanilang mga minamahal na Patron ay bunga ng kanilang pinaniniwalaang milagro gaya ng pagtupad ng mga personal na kahilingan, magandang oportunidad, at iba pang biyayang kaloob ng Diyos. Kabahagi rin ng kulturang Olangohanon ang pagkahilig sa inuming tuba. Ang pag-inom ng tuba ay kabahagi ng kanilang pakikisalamuha sa kapwa at tanda ng kanilang pagiging palakaibigan at makabuluhang sosyalisasyon. Nangingibabaw rin ang kultura ng mga taga-Olango sa paniniwala sa mga

engkanto at mga masasamang espiritu. Naniniwala sila na ang kalikasan ay may tagapagbantay na mga nilalang na hindi nakikita. Ang mga puno, dagat, at mga hayop ay nasa pangangalaga ng mga engkanto kung kaya nararapat lamang itong pangalagaan. Ang kapahamakan at kamalasan ay dulot naman ng masasamang espiritung nakapalibot lamang sa kanilang isla. Hindi rin matatawaran ang katangiang bahagi ng kulturang Olangohanon ang pagiging matapang sa pagsuong sa hamon ng buhay, pagtulong sa kapwa, at ang pagiging palakaibigan. Malinaw na ipinakita sa mga kuwentong-bayan ang pagmamahal o suporta ng pamilya, pagpupursigi at ang patuloy na paglaban sa hamon ng buhay. Ang pagtulong naman sa kapwa at pagiging palakaibigan ay ang panunahing dahilan kung bakit patuloy na dinarayo ng ibang mga karatig lugar ang isla ng Olango.

Batay sa mga natuklasan, naisakongklusyon na ang mga nakalap na kwentong-bayan sa Isla ng Olango ay hitik sa pagpapahalaga at napapalooban ng natatanging kulturang Cebuano. Ang mga kuwentong-bayang ito ay nararapat maidokumento at maisalin upang makabuo ng antolohiyang magagamit bilang materyal sa pagtuturo ng panitikang lokal sa pamamagitan ng lokalisado at kontekstuwalisadong pamamaraan.

Batay sa mga natuklasan at kongklusyon, iminumungkahi ng mga mananaliksik ang mga sumusunod:

1. Hikayatin ang mga estudyante, mga guro, at ang mga taong nakatira sa Isla ng Olango na pahalagahan at tangkilikin ang panitikan kagaya na lamang ng kuwentong-bayan sa pamamagitan ng taos-pusong pagbabasa ng mga ganitong uri ng panitikan at bigyang-diin ang mga pagpapahalagang napapaloob sa mga kwento upang mas lubusang maunawaan.
2. Iangkop ang pagtuturo ayon sa konsepto ng kontektuwalisasyon at lokalisasyon ng kultura ng mga estudyante upang maiangat ang kanilang antas ng komprehensyon at maiparanas sa kanila ang direktang karanasang may kaugnayan sa kuwentong-bayang tinalakay.
3. Hikayatin ang mga taong nakatira sa isla na pahalagahan at tangkilikin ang mga panitikan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga aktibidad tuwing may pista sa kanilang barangay kagaya na lamang ng pagbibigay-interpretasyon sa mga kuwentong-bayan, pagsasadula, at iba pang gawain.
4. Gamitin ang antolohiya ng piling kwentong-bayan sa isla ng Olango bilang karagdagang kagamitan o materyal sa pagtuturo ng lokalisado at kontekstuwalisadong aralin sa panitikang lokal sa tulong ng Departamento ng Edukasyon na natatanging ahensya

na makakaangat sa kamalayan nito.

## Mga Sanggunian

Aler, R. A. D. P. (2020, May). Ang konsepto ng bayan sa mga kuwentong-bayan ng Camarines Norte. De La Salle University, Manila. bit.ly/43g2AGY.

Alvarado, E. T. (2018). Pagkokonsepto ng mga deboto sa pananalig sa batang Hesus. *Global Journal of Human-Social Science: Sociology and Culture, 18*(4).

Bankoff, G. (n.d.). Cultures of disaster, cultures of coping: Hazard as a frequent life experience in the Philippines. bit.ly/40RoCOK.

Bernados, S. C., Agusto, J. Y., Zamora, N. Z., at Pilapil, E. A. (2016). When the world of make believe becomes the world to believe: Characterization, legitimation, and mythologization of Lapulapu narratives. *International Journal of Education and Research, 4*(5), 75-86.

Bueno, R. G. (n. d.). Eco-tourism and biodiversity conservation and protection management of Olango Island wildlife sanctuary. https://bit.ly/43Xdq4q

Catipay, T. M. A. (2019). Antolohiya ng mga Sugbu-anun'g kwentong-bayan: Pagbabalik-tanaw sa buhay at kulturang Cebuano. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 7*(1), 7-14.

Creswell, J.W., & Creswell, J.D. (2018). *Research design: Qualitative, quantitative and mixed methods approaches* (5th ed). Thousand Oaks: SAGE.

Dablo, R. R., Dela Rama, A. D., Garcia, R. N., Maglasang, M. M. A., Nanoy, J. T., Paga, M. E., Verallo, R. T., Borbajo, M. N. M., at Noval, A. T. (2021). Sosyo-kultural na pagdalumat sa kwentong-bayan sa isla ng Caohagan tungo sa pagbuo ng kontekstwalisadong kagamitang panturo. *International Journal of Research Studies in Education, 10*(11), 1-14.

Delos Reyes, R. (2014, September 8). #Pinasmuna Penafrancia festival fluvial procession in Naga City. https://bit.ly/3N34fsi

Du, N. O. (2014). Pagdalumat sa sinaunang di-materyal na kultura ng mga B'laan sa Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato mula sa kanilang kwentong-bayan. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 2(6)*, 158-163.

Escoda, I. T. (2018, November 6). Why Cebuanos think they're superior people. http://bit.ly/3GsFBP5.

Department of Social Welfare and Development (2021, December 31). Pagtinabangay, a living proof of the bayanihan spirit. https://bit.ly/3X1mFy2.

Galdo, M. B. (2021). Salik-suri sa kultura ng Southern Leyteñong Kwentong Bayan. Lukad: *An Online Journal of Pedagogy, 1*(2), 28-50.

Gray, R. (2015, January 28). Aboriginal folklore could be oldest accurate oral history in the world: Stories of ancient sea level rise have survived for 10,000 years. http://bit.ly/3KKo8UM.

Jadloc, M. D. (2017, April 26). K'wentong bayan mahalaga sa kabataan. http://bit.ly/3nMFk32.

Lagahid, P.A.Y., at Puyo, N. M. A. (2016). Sugboanong' taras: A glimpse of Cebuano Personality. *Philippine Journal of Psychology, 49*(1), 73-94.

Letigio, D. D. (2019, October 5). Labella's Promise: Cebu City to plant 3M trees to replace 5 trees cut by DENR. *Cebu Daily News.* http://bit.ly/3ZLwv6Y.

Limpangog, R. T. (2018, August 20). Santo Niño nibisita sa Olango. *Banat News.* https://bit.ly/3Nm86lr.

Mendoza, N. V. (2019, November 13). Lapu-Lapu fluvial procession: Devotees on colorful boats brave rough seas to escort Virgin Mary home to her shrine. *Cebu Daily News.* http://bit.ly/3mi5jPz.

Noval, A. T. (2022). Pagdalumat sa piling Sugboanong balak tungo sa pagbuo ng modelong S3L2 sa pagtuturo ng panulaan. *Siliman Journal, 63*(1), 65-96.

Orio, T. P. (2016). Exploring the intrinsic indicators of individual resiliency. *International Journal of Research Studies in Psychology, 5* (2), 15-30.

Vega, N. Z. J. S. (2019). Sa hamon ng buhay: Huwag mawalan ng pag-asa, sagot ni Hontiveros. https://bit.ly/3GnHqgn.

Villan, V. C. (2017). Kahulugan, larangan, at kabuluhan: Ang panubliong bahandi ng pangkat-etnikong Bisaya sa pag-aaral ng mga pamanang bayan sa Kanlurang Kabisayaan. *Saliksik E-journal, 6*(1), 272-299.

Villan, V. C. (2013). Lawas, buut, patugsiling, ‘ag dungan: Isang pag-unawa sa papel ng kinagisnang sikolohiya sa kasaysayang kolonyal at himagsikang Pilipino sa Panay, 1896-1898. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, 19*(2), 73-110.

Woolsey, B. (2021, April 8). In the Philippines, coconut wine is a symbol of pride and resistance. http://bit.ly/3ZSznik.